LUNGSOD NG LONG BEACH

IMPARSYAL NA ANALISIS NG MEASURE LBC MULA SA CITY ATTORNEY

AMYENDA NG CHARTER PARA MAIHANAY ANG MGA PETSA NG PRIMARY AT GENERAL NA MGA ELEKSYON NA GINAGANAP SA TAON NA EVEN ANG NUMERO

Nuong Agosto 9, 2022, isinalugar ng Konseho Ng Lungsod Ng Long Beach ang Measure LBC sa balota. Itong measure na ito ay mag-aamyenda sa Charter ng Lungsod ng Long Beach na ihanay ang petsa ng mga eleksyon para sa primary at general na ginaganap sa mga taon na even ang numero.

Ang Charter Section 1901 ng Lungsod ay nagtatagubilin sa Lungsod na gawin ang primary na eleksyong munisipyo tuwing ikalawang Martes sa Abril sa taon na even ang numero, at kanilang general na eleksyon pang munisipyo sa unang Martes pagkatapos ng unang Lunes sa Hunyo ng taon na even ang numero. Ang Section 1901 ay nagbibigay sa mga kandidato na binoto na magsimulang manungkulan sa ikatlong Martes ng Hulyo.

Itong measure ay mag-aamyenda sa 1901 ng Charter ng Lungsod na iskedyul ang mga eleksyong pang munisipyo ng Lungsod na isabay sa primary at general na eleksyon ng Estado. Ang primary ng Estado ay sa Marso para sa primary na mga taon pang president at sa Hunyo para sa gobernador na primary na mga taon. Ang general na eleksyon para sa Estado ay sa Nobyembre para sa president at gobernador.

Dahil ang measure na ito ay nagtatagubilin na ang general na eleksyon ay maganap sa Nobyembre, ang Section 1901 ay mababago din para mabigyan ang mga kandidato na nanalo na magsimula sa ikatlong Martes ng Disyembre, o sa mas malaon na petsa kung kinakailangan na bilangin at patunayan ag mga resulta ng eleksyon ng Nobyembre.

Ang “oo” na boto ay magreresulta sa Los Angeles County na nakgpapatkbo sa eleksyong ng Lungsod na magkaroon ng paulitulit na piskal na epekto sa halos $3.1 milyon para sa primary at general na mga eleksyon, na kadalasan sinasalamin ang gastos ng Lungsod para sa administrasyon ng eleksyon.

Ang “hindi” na boto ay malamang magresulta sa Lungsod na patakbuhin ang sariling eleksyon, na magkakaroon ng piskal na epekto na may paulit ulit na gastos na $4.4 milyon para sa primary at general na eleksyon at pang-isahang beses na $2.5 milyon para sa equipment, pasilidad at tauhan na kinakailangan para patakbuhin ng Lungsod ang eleksyon.

Ang botong “oo” ay pabor sa paghanay sa eleksyon ng Lungsod sa iskedyul ng eleksyon ng Estado.

Ang botong “hindi” ay laban sa paghanay ng eleksyon ng Lungsod sa iskedyul ng eleksyon ng Estado at pananatiliin ang kasalukuyang iskedyul ng eleksyon ng Lungsod.

Ang karamihan na botong “oo” ay kinakailangan para maipasa ang measure.

Ang pahayag sa itaas ay isang imparsyal na analisis ng Measure LBC. Kung nais mo ng kopya ng Measure, tumawag sa Elections Official's office at (562) 570-6101 at isang libreng kopya ay ipapadala sa iyo.

CHARLES PARKIN
City Attorney